

ANG

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Bayan

Espesyal na Isyu
Hulyo 19, 2013

www.philippinerevolution.net

Makiisa sa digmang bayan sa India!

Idinideklara ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), kasama ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas ang Hulyo 2013 bilang Buwan ng Pakikiisa ng Pilipinas sa Digmang Bayan sa India. Inilalabas ng PKP ang deklarasyong ito ng pakikiisa kasabay ng panawagan sa mga demokratiko at anti-imperyalistang pwersa para sa isang internasyunal na araw ng pagsuporta sa digmang bayan sa India sa Hulyo 1. Igawad natin ang ating pinakamataas na parangal sa mga bayani at martir ng rebolusyong bayan sa India, ipagdiwang ang kanilang mga tagumpay at tanawin ang ibayong pagsulong sa hinaharap.

Nananawagan ang PKP sa buong kasapian nito, sa lahat ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at sa lahat ng rebolusyonaryong pwersa at mamamayan na nasa pamumuno nito na magdaos ng aktibidad na pang-edukasyon at pangkultura sa buwan ng Hulyo upang ibayong palalimin ang pag-unawa at pakikipagkaisa ng mga rebolusyonaryong pwersang Pilipino sa demokratikong rebolusyong bayan sa India.


Ang mga sangay ng Partido, mga yunit ng BHB, mga bala-ngay ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at mga kagawaran ng rebolusyonaryong guberno ay maglalaan ng isa o ilang araw ng aktibidad sa buwan ng Hulyo para maglunsad ng mga aktibidad tulad ng mga talakayang pang-edukasyon, pagpapalabas ng makabuluhang mga sine, mga pangkulturang pagtatanghal at mga pangmasang propaganda para ipahayag ang pakikiisa at makalikha ng suporta para sa digmang bayan

sa India.

Ang paglulunsad ng Buwan ng Pakikiisa ng Pilipinas sa Digmang Bayan sa India ay pagtumbas ng PKP sa isinagawang

linggo ng pakikiisa na ginawa ng Communist Party of India (Maoist) o CPI-M noong April 22-28 kasabay ng ika-40 anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) noong Abril 24.

Sa kabila ng layo ng distansya at pambansang kakanyahan, ang digmang bayan sa India at Pilipinas ay maraming pagkakahalintulad. Higit sa lahat, ang digmang bayan sa India at Pilipinas ay parehong pinamumunuan ng partido komunis-



ta na kapwa tumatalima sa Marxismo-Leninismo-Maoismo at malalim na nakaugat sa uring anakpawis.

Kapwa isinusulong ng mga ito ang demokratikong interes ng mga magsasaka at pambansang minorya para sa lupa laban sa mga nagmomonopolyo ng lupa at nangangamkam na mga dayuhang kumpanya sa pagmimina at mga dayuhang monopolyo kapitalistang mandarambong. Pawang nagsusulong ang mga ito ng demokratikong pakikiba ng mga manggagawa, kabataan, estudyante, kababaihan at iba pang demokratikong sektor laban sa mga mapagsamantala at mang-aapi.

Namumuno ang CPI-M sa People's Liberation Guerrilla Army katulad na ang PKP ay namumuno rin sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Pilipinas. Kapwa naglulunsad ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya habang nagtatayo ng mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampolitika ng mamamayan at naglulunsad ng mga kampanya upang isulong ang kilusan

sa reporma sa lupa. Sa pagtata-masa ng malawakang suporta, patuloy na nagpapalawak at nagtitipon ng malalaking tagumpay ang PLGA at BHB sa larangan ng armadong pakikibaka.

Kapwa kinakaharap ng digmang bayan sa India at Pilipinas ang brutal na mga kampanya ng panunupil na isinasagawa ng reaksyunaryong pwersa sa dikta ng imperyalistang gubyrno ng US. Ang Operation Green Hunt ng mga reaksyunaryong Indian at ang Oplan Bayanihan ng mga reaksyunaryong Pilipino ay kapwa gumagamit ng pinakamalulupit na uri ng armadong panunupil na nagbubunsod ng lansakan at malawakang mga paglabag sa karapatang-tao. Hindi nagkakaiba ang mga aktong ito ng panunupil na nakatuon laban sa rebolusyonaryong masa sa imbing pagtatangkang sindakin ang mamamayan.

Nililibak ng mga imperyalistang US at mga reaksyunaryo ang mga rebolusyonaryong pwersa sa India at Pilipinas bilang "mga terorista." Subalit hindi nila napigilan ang paglago ng rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan sa India at Pilipinas na kapwa matatag na sumusulong nang may malalim at malawak na suporta ng mamamayan. Paulit-ulit at mapagpasyang binigo ng digmang bayan sa India at Pilipinas ang pagtatangka ng mga reaksyunaryo sa armadong panunupil habang matatag nilang tinutugunan ang aspirasyon ng mamamayan para sa demokrasya.

Ninana is at sinisikap buuin ng mga rebolusyonaryong pwersang Indian at Pilipino ang isang malapad na internasyunal na anti-imperyalista at demokratikong kilusan upang isulong ang interes ng masang anakpawis sa gitna ng papalalang krisis ng pandaigdigang sistemang ka-

pitalista at ng pangkabangkarote ng mga patakarang neoliberal. Tinatanaw ng digmang bayan sa India at Pilipinas ang malaking potensyal sa rebolusyonaryong pagsulong sa harap ng pag-igting ng pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayan sa mga kapitalista at malakolonyal at malapyudal na bansa.

Pinupuri ng PKP ang CPI-M at lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa India sa pagpupunyagi sa landas ng digmang bayan. Inaasahan ng mamamayan ng daigdig ang paglago at malaking pagsulong ng digmang bayan sa India habang patuloy na bumabangon at nag-aalsa ang mamamayan ng India laban sa pang-aapi at pagsasamantala ng mga naghaharing uri at mga imperyalista. Tinatanaw ng mamamayan ng daigdig ang epikong saklaw at potensyal ng digmang bayan sa India para malakihang baguhin ang mukha ng mundo, tulad nang nagawang pagbabago sa internasyunal na balanse ng tunggalian ng mga uri ng pagtagumpay ng rebolusyon sa China at Russia.

Tinatanaw ng mamamayang Pilipino ang ganap na tagumpay ng rebolusyong Indian habang hinahangad nilang makamit ang tagumpay sa kanilang sariling bayan. Tinutugunan ng mamamayang Pilipino at Indian ang interes ng proletaryado at mamamayan ng buong daigdig sa pamamagitan ng paglulunsad ng digmang bayan sa kani-kanilang bansa at sa armadong pagbigwas sa mga imperyalista at mga reaksyunaryong kasapakat nila. Hindi maitatawang magbibigay-inspirasyon ang kanilang pagsulong at tagumpay sa iba pang mamamayan ng daigdig para manindigan laban sa mga imperyalista at maglunsad ng rebolusyon upang makamit ang pambansa at panlipunang paglalya. AB



Espesyal na Isyu Hulyo 19, 2013

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Introduksyon sa lipunan at rebolusyong Indian

Ang India ay isang bansa sa South Asia. Hinahangganan ito ng Pakistan sa kanluran; China, Nepal at Bhutan sa hilagang-silangan; Burma at Bangladesh sa silangan; at Sri Lanka sa timog-kanluran. Nasa timog na bahagi nito ang Indian Ocean; ang Arabian Sea sa timog-kanluran at ang Bay of Bengal sa timog-silangan. Mahigit 4,600 kilometro ang layo nito sa Pilipinas.

Kanlungan ang India ng isa sa pinakalumang sibilisasyon sa buong mundo (5000 taon na mula nang umusbong ang sibilisasyong Harappan sa paligid ng ilog Indus at sumibol at yumbong ang siyensya, sining at kultura). Isa ito sa pinakamalalaking bansa sa buong mundo na may populasyong 1.2 bilyon. Binubuo ito ng iba't ibang nasyunalidad at mga tribo na nasa iba't ibang antas ng pag-unlad. Iba-iba rin ang mga relihiyon at lenggwage ng mamamayan.

Mayorya (80%) ng mga Indian ay mga Hindu, o yaong sumusunod sa relihiyong Hinduismo. Malaki rin ang populasyong Muslim dito (pangatlong pinakamalaki sa buong mundo at pinakamalaki sa isang bansang di-Mus-

lim). Mayroon din ditong mga Kristyano, Sikh, Buddhista, Jainista at iba pa.

Mayaman ang lupa at karagatan ng India. Umaabot sa 1.3 milyong kilometro kwadrado o mahigit 56% ng kabuuang lupa nito ang maaring bungkalin. Noong 2008, pangatlong pinakamalaki ang sektor ng pangisda nito sa buong mundo. Pangatlo rin ang India sa pinakamalalaking eksporter ng bakal, pang-apat sa produksyon ng *coal* at numero uno sa produksyon ng *thorium*, isang elementong ginagamit sa pagbubuo ng mga makina ng *rocket* at eroplano. Malaki ang produksyon nito ng *zinc*, *manganese*, *bauxite*, *copper* at *chromite*. Mayroon itong sariling produksyon ng langis na kayang

magsuplay sa 25% ng pangangailangan ng bansa.

Ang mga mayor na produktong agrikultural ng India ay palay, trigo, *oilseed*, bulak, jute, tsaa, tubo, iba't ibang prutas at patatas. Mga mayor naman na industriya nito ang *textile*, telekomunikasyon, kemikal, gamot, bioteknolohiya, pagpoproseso ng pagkain, bakal, kagamitang pangtransportasyon, semento, pagmimina, petrolyo, makinarya at mga programang pangkompyuter.

Ang India ang ika-10 sa pinakamalaking ekonomya sa mundo. Subalit sangkatlo ng naghihirap sa buong mundo ay matatagpuan dito. Napakalaki ng agwat ng mga uri sa bansa.

Ang India ay isang malapyudal at malakolonyal na lipunang pinaghaharian ng malalaking panginoong maylupa at burgesya kumprador at nakapailalim sa kontrol ng mga imperyalistang kapangyarihan. Ang reaksyunaryong guberno nito ay nasa anyo ng pederasyon ng 28 estado (o *pradesh*, prubinsya sa salitang Hindi) at pitong teritoryo na kinabibilangan ng mga kulumpon ng isla sa karagatan nito.

Maikasing kasaysayan

Sa loob ng ilan libong taon, namayani sa India ang pyudalismong pinatigas ng sistemang *caste* (bigkas: kast). Ang sistemang *caste* ang andanang paggugrupo ng mamamayan alinsunod sa kanilang trabaho, angkan at katayuan sa lipunan. Mahigpit na ipinagbabawal ang pakikipagsalamuha sa pagitan ng mga *caste*. Ang mamamayang hindi nakapaloob sa apat na mayor na *caste* (o yaong mga tinatawag na *outcaste* o *dalit*) ay dumaranas ng matinding diskriminasyon, pang-aapi at pagsamantala. Sa pyudal na lipunang Indian, sila ang inaalipin ng mga panginoong maylupa at mga aristokrata para palawakin ang kani-kanilang mga lupa o kaharian.

Ang pyudal na kaayusang ito ang dinatnan ng

mga kolonyalistang British nang una silang manghimasok sa subkontinenteng Indian—na noo'y binubuo ng India, Pakistan at Bangladesh—noong siglo 1700. Direktang ipinailalim ng British sa kontrol nila ang subkontinente mula 1757 at pinagharian sa loob ng halos dalawang siglo. Bago ito, masigla na ang kalakalan at litaw na ang maagang porma ng ekonomyang kapitalista sa India. Pero winasak ito ng mga kolonyalistang British. Sinira nito ang nakatitindig-sa-sariling produksyon sa agrikultura, itinuon ang India sa produksyon ng hilaw na materyales para sa mga kumpanyang British at bilang tambakan ng kanilang mga produkto.

Sa tulong ng mga aristokrata at panginoong maylupa, kinonsolida ng mga kolonyalista ang kani-

lang paghahari sa India. Inorganisa nila ang mga magbubukid sa mga permanenteng komunidad na nakatuon sa pagtanim ng mga produktong agrikultural para sa British East India Company. Ipinagpatuloy nila ang dating kalakaran ng pambubusabos sa mga magbubukid at sistema ng pagbubuwis ng mga lumang panginoong maylupa. Mula independyente at pyudal na lipunan, ang India ay tumungo sa pagiging kolonyal at malapyudal na lipunang mahigpit na nakaugnay sa pandaigdigang kapitalistang produksyon.

Sa panahong ito, umusbong ang uring manggagawang Indian sa mga syudad kung saan itinayo ng kolonyalistang Britain ang imprastruktura para sa kanilang paghahari tulad ng mga riles, minahan, daungan, plantasyon at pabrika. Maramihang namuhunan ang mga lokal na kumprador, usurero, panginoong maylupa at aristokrata sa mga industriyang ito. Mula sa kanilang hanay lumitaw ang lokal na burgesyang kumprador, isang uring lubos na nakasandig sa kapital at produksyon ng mga kapitalistang kolonyalista. Sa panahon ding ito inilatag ng mga British ang sistema sa edukasyon para maramihang magsanay ng mga intelektwal at propesyunal na kinatuwang nila sa kanilang paghahari sa subkontinente ng India.

Mula't sapul, mariing tinutulan ng mamamayang Indian ang kolonyal na paghahari ng mga British. Tuluy-tuloy silang lumaban sa mga kolonyalista at sa pyudal na kaayusang pinanatili nila. Kabilang dito ang pag-aaklas sa Santhal (1854-56) na humantong sa unang digma para sa independensya noong 1857. Lumahok sa makasaysayang pag-aaklas na ito ang libu-libong magbubukid at makabayang mamamayan sa iba't ibang bahagi ng India. Ang digmang ito ang

itinuturing na simula ng unang demokratikong rebolusyong bayan. Mula noon, dumami pa ang mga kilusang antikolonyal ng mamamayang Indian. Pero dahil hindi ito matatag na ginabayan ng proletaryado, nanatiling mahina at kalat-kalat ang mga pag-sisikap na ito sa loob ng mahabang panahon.

Noong 1884, itinatag ng kolonyalistang British ang papet na Indian Nationalist Congress (INC), isang kalipunan ng mga British at Indian na pulitiko, para pahinain ang anti-kolonyalistang kilusan para sa pambansang paglaya. Pero hindi nito napigilan ang paglaganap ng mga pag-aaklas laban sa Britain, laluna sa hanay ng petiburgesya at mga magbubukid. Sinikap ng mga naghaharing uri na idiskaril ang mga pag-aaklas sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng konsepto ng "satyagraha" o pasibong paglaban, *civil disobedience at non-violence* na inimbento ni Mohandas Gandhi, isang abugadong nagmula sa nakatataas na caste na Brahmin.

Pinalaganap ni Gandhi ang *satyagraha* upang pahinain ang militante at armadong paglaban ng mamamayan. Tampok dito ang pagkilos ni Gandhi para paa-trasin ang armadong pag-aaklas ng mga magbubukid sa Champara, Bihar laban sa di makatarungang pagbubuwis at pambabarat ng mga panginoong maylupa. Tumungo sa Champar si Ghandi, kasama ang ilan pang mga abugado, at inilunsad niya ang *satyagraha*. Habang sinuportahan niya ang kahilingang pang-ekonomya ng mga magbubukid, tinutulan niya ang panawagang bumaklas mula sa paghaharing British dahil aniya'y gagamitin lamang ito ng mga kolonyalista para marahas silang supilin.

Kaakibat ng paglaganap ng mga tagumpay ng rebolusyong Oktubre sa Russia noong 1917,

naitatag ang Communist Party of India (CPI) noong 1925. Pero sa kabila ng napakainam na obhetibong mga kundisyon, nabigo ang CPI na pamunuan ang mga kilusan laban sa imperyong British na lalong lumaganap noong dekada 1930-40. Tumanggi ang pamunuan nito na kilalanin ang burges na katangian ng kilusang Gandhian at hindi nito wastong nasuri ang makauring tunggalian sa loob ng lipunang Indian. Nabigo itong palakasin ang independyenteng lakas nang nakipag-al-yansa ito sa pamunuang Gandhian (na sa mahabang panahon ay kinatawan ni Jawaharlal Nehru) at nahumaling sa pakikibakang parlamentaryo.

Noong 1930, nagbalangkas si Nehru ng deklarasyon para sa mapayapang transisyon mula sa kolonyalistang paghahari tungo sa "ganap na independensya ng India" at inihapag ito sa papet na INC. Sa udyok ni Gandhi, ibinaba ng INC ang hiling mula ganap na independensya tungong awtonomya sa ilalim ng kapangyarihan ng imperyong Britain. Sa halip na mag-aklas at aktibong lumaban, pinili nina Nehru at Gandhi na idaan sa negosasyon sa pagitan ng INC (na noo'y pinamumunuan ni Motilal Nehru, ama ni Jawaharlal) at estadong British ang pagtatakda ng independensya ng India. Nang hindi igalang ng British ang pangako nitong igawad ang awtonomya, inilunsad ni Gandhi ang kanyang pasibong *satyagraha* laban sa mga British. Sa gayon, inilihis ni Gandhi at ng maka-kolonyalistang INC ang noo'y umusbong nang kilusan para sa pambansang pagpapalaya mula sa landas ng pakikibaka at rebolusyon tungo sa landas ng pagsuko at burges na repormismo.

(Mula nang igawad ng British ang huwad na kalayaan ng India, pinagharian na ng dinastiyang Nehru-Gandhi ang INC at ang

reaksyunaryong pulitika sa pangkalahatan. Naging unang prime minister ng bansa si Jawaharlal Nehru mula 1947 hanggang 1964. Pinalitan siya ng kanyang anak na si Indira Gandhi mula 1966-1977 at 1980 hanggang sa kanyang asinasasyon noong 1984. Pinalitan naman si Indira ng kanyang anak na si Rajiv Gandhi mula 1984 hanggang sa kanyang asinasasyon noong 1991. Sa ngayon, ang INC ay pinamumunuan ni Sonia Gandhi, asawa ni Rajiv Gandhi.)

Sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (1942-1946), lumitaw ang rebolusyonaryong sitwasyon sa subkontinente ng India sa anyo ng makapangyarihang kilusang antikolonyal. Nailunsad ang dambuhalang mga anti-imperyalistang demonstrasyon ng mga estudyante at mga welga ng mga manggagawa at kawani ng guberno sa iba't ibang bahagi ng bansa. Nagkaroon ng malaking kilusan para sa pagpapalaya ng mga bilangong pulitikal. Sumulong ang antipyudal na mga kilusan sa Tebhaga, Bakhast at sa mga estado ng mga prinsipal (mga estadong may bahaging awtonomya na pinaghaharian ng mga aristokrata.) Lumaganap ang disgusto sa hanay ng mga pulis at sundalo at lumakas ang pagkakaisa ng mga kilusang magbubukid na sa kalauna'y nagtulak sa makasaysayang pagaklas ng mga magbubukid sa Telangana. Ang lahat ng ito'y nagdulot ng malalakas na bigwas sa imperyalistang paghahari ng Britain sa India.

Sa harap ng lumalakas na panawagan para sa pambansang independensya ng mamamayang Indian at pakikibaka para ibagsak ang kolonyal na gubyernong British, iginawad ng mga kolonyalistang British ang huwad na kalayaan sa India at inilipat ang

direktang pamamahala sa estado sa nakaupong kongreso noong 1947. Minadali ng mga British ang transisyon tungo sa kanilang di-direktang paghahari para ipagkait ang pamumuno sa noo'y mabilis na lumalakas na mga rebolusyonaryong pwersa. Para matiyak ang katapatan ng bagong estado, binigyan nito ng mga kunsesyon sa ekonomya at pulitika ang mga kumprador burgesya at panginoong maylupa na noo'y nag-aagawan ng teritoryo. Iginawad ng British ang India sa INC sa pamumuno ni Nehru at sa Muslim League ang bahaging Pakistan, para panatilihin ang kanilang kontrol sa pulitika at ekonomya sa subkontinente.

Matapos ang direktang paghaharing British, naging larangan ng pag-aagawan ng rekursong at merkado ng mga bagong usbong na imperyalistang makapangyarihan ang subkontinenteng Indian. Noong panahon ng Cold War (1950-70), mas malakas ang naging impluwensya ng USSR sa India kumpara sa US kahit pa relatibong mas maliit ang ibinuhos nitong kapital sa bansa. Bagamat nagkukunwari pang sosyalista, ang USSR noong panahong iyon ay ganap nang sosyal-imperyalista.

Naging malaking merkado ng armas ng USSR ang India. Sinulsulan at sinuportahan nito ang mga mapanakop na digma ng lokal na mga burgesya kumprador at panginoong maylupa laban sa East Bengal, Kashmir at iba pang mga estado sa hilaga-silangang bahagi ng subkontinente. Sinulsulan din nito ang digma sa pagitan ng India at Pakistan (na noon pa man ay alyado na ng US) at ang armadong pakikialam nito sa kilusang mapagpalaya sa East Pakistan (ngayo'y Bangladesh).

Sa pamamagitan ng mga pautang, nakinabang nang husto ang USSR sa itinayo nitong mga pampublikong korporasyon at

mabibigat na industriya ng India (na ginawang palabigasan ng mga burukratang nasa kapangyarihan). Naipailalim nito sa kontrol ang produksyon ng bakal (30%), pagpoproseso ng langis (20%), eksplorasyon at pagmimina ng langis (80%), paglikha at distribusyon ng enerhiya (60%), mabibigat na makinarya (85%), *electric motors* (75%) at pagpoproseso ng *aluminum* (25%). Ginamit ng USSR ang mga industriyang ito para palawakin ang produksyon nito ng mga modernong armas.

Sa pagtatapos ng dekada 1970, nagbuhos ng kapital ang US sa bansa sa anyo ng ayuda, pautang, *grant* at puhunan sa iba't ibang pribadong industriyang hindi sinaklaw ng USSR. Sinimulan nito ang liberalisasyon ng ekonomya ng bansa noong 1985, at pinaarangkada pagpasok ng dekada 1990. Kapalit ang pautang na idinaan sa International Monetary Fund at World Bank, itinulak ng US ang malawakang pribatisasyon ng mga pampublikong industriya, deregulasyon ng mga pampublikong utilidad at liberalisasyon sa kalakalan. Naging daan ang mga patakarang ito para sa maramihang pagpasok ng mga mamumuhunan at kumpanyang US sa bansa.

Sa ngayon, libu-libong mga imperyalistang kumpanyang US ang nagsasamantala sa likas na yaman at lakas paggawa ng India. Sunud-sunuran ang reaksyunaryong estadong Indian sa mga dikta ng mga ito-mula sa pagtitiyak ng suplay ng mura at supil na lakas paggawa, hilaw na materyales at iba pang mga pabor at kaluwagan. Ang US din ang pangunahing gumagabay at nagpopondo sa militar ng India sa ngayon at nagagamit sa pagsisikap ng US na itatag ang kapangyarihang militar nito sa Asia-Pacific.

Kasaysayan ng kilusang komunista

Tuluy-tuloy na itinakwil at nilabanan ng mga tunay na rebolusyonaryo ang oportunismo, rebisyonismo at pagtataksil ng mga pamunuan ng Communist Party of India (1925), at ang sumunod dito na Communist Party of India (Marxist). Pero umigting lamang ang tunggalian ng wasto at maling linya noong dekada 1960, sa panahon ng Dakilang Debate (Great Debate) na inilunsad ni Kasamang Mao Zedong at ng Communist Party of China laban sa modernong rebisyonismo at pagsiklab ng Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura (ang Great Proletarian Cultural Revolution o GPCR) noong 1966-1976.

Sa gabay ng mga prinsipyong pinalaganap sa GPCR, pinanghawakan ng mga tunay na komunista ang Indian ang Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong (Maoismo) at inilapat ito sa kongkretong kalagayan ng lipunang Indian. Nagresulta ito sa pagkalas ng malaking bilang ng mga kadre mula sa lumang partido at pagdeklara nilang rebisyonista ang programa ng ika-pitong kongreso at ang buong pamunuan ng CPI (Marxist). Isa sa mga kumalas si Kasamang Charu Mazumdar (CM) na naging tagapagtatag ng Communist Party of India (Marxist-Leninist) o CPI (ML). Idineklara ni Kasamang CM ang pagsisimula ng matagalang digmang bayan sa India bilang tamang landas kontra sa rebisyonistang landas ng parlamentarismong matagal na tinahak ng CPI (Marxist).

Sinundan ito ng makasaysayang pag-aklas ng mga magbubukid laban sa mga pulis sa Naxalbari, West Bengal noong Mayo 1967. Ang pag-aklas na Naxalbari, na brutal na sinupil ng lokal na reaksyunaryong estado, ay kinilalang simula ng “dagundong ng rebolusyon sa India” at naghudyat ng panibagong yugto sa rebolusyonaryong pakikibaka sa bansa. (*Dito nanggaling ang terminong “Naxal” at “Naxalite” bilang bansag sa mga “Maoista” na siya namang katawagan sa mga kadre at tauhang bumaklas sa CPI (M).*)

Matapos ang pag-aaklas sa Naxalbari, nagkaroon ng pagkakaiba ng pananaw sa hanay ng mga tunay na rebolusyonaryo kung napapanahon na bang magbuo ng bagong partido at kung paano isusulong ang digmang bayan sa India. Hindi agad naresolba ang mga tunggaliang ito. Dahil dito, magkahiwalay na itinatatag ang CPI (ML) sa pamumuno ni Ka CM noong Abril 22, 1969 at ang Maoist Communist Center of India (MCCI) sa pamumuno ni Ka Kanai Chatterjee (KC) noong Oktubre 20, 1969. Hindi naging tuluy-tuloy ang pagsulong ng dalawang grupo bunga ng iba't ibang pangyayari, tulad ng pagkamartir ni Ka CM, pagkakadakip at detensyon ni Ka KC at samutsaring mga problema.

Matapos ito, naganap ang mas madalas at marami pang pagkakahati-hati sa hanay ng mga rebolusyonaryo. Noong 1980, nahati ang CPI (ML) sa dalawang kampo, ang CPI (ML)-People's War na bumase sa Andhra Pradesh at Tamil Nadu; at ang CPI (ML) People's Unity na kumilos naman sa Bengal. Sa kabila ng mga pagkakahati, tuluy-tuloy na nagsikap ang mga kadre na muling pagkaisahin ang magkakatulad ngunit nagkawatak-watak na mga grupo. Noong 1998, muling nagsanib ang CPI(ML)[PW] at CPI(ML)[PU] at pormal nilang dinala ang pangalang CPI-(ML)[PW].

Gayundin, tuluy-tuloy ang mga pagsisikap ng CPI-(ML)[PW] at ng MCCI (pangunahing nakabase sa Bengal) para sa unipikasyong nakabatay sa matatag na pundasyong pulitikal at teoretikal, at nakaayon sa wastong linyang militar. Dulot ng maraming salik, walang naabot ang kanilang mga pag-uusap mula 1981 hanggang 1995. Dumaan sa masasalimuot—at sa isang panahon, madugong—tunggalian ang dalawang grupo.

Muli na lamang nagkatagpo ang dalawang pamunuan noong 2003. Sa pagkakataong ito, tiniyak nila ang pagreresolba sa lahat ng kanilang mga pagkakaiba at ang pagwawasto ng mga kahiinaan sa pamamagitan ng puspusang pagpuna at pagpuna-sa-sarili, pag-aaral at talakayan kaugnay ng mga batayang usapin sa pulitika at praktika ng rebolusyong Indian. Naging mabunga ang mga pag-uusap at nagresulta ito sa pagbabalangkas at pagpipinal ng mga batayang dokumento ng pagtatatag ng Communist Party of India (Maoist) o CPI (Maoist).

Noong Setyembre 21, 2004, pormal na pinagsanib ang MCCI at CPI(ML)[PW] at itinatatag ang CPI (Maoist). Ayon sa unang pahayag nito, ang pagtatatag ng pinagsanib na partido ay alinsunod sa kagustuhan at kahilingan ng masang anakpawis para sa tunay na partido ng proletaryo na mamumuno sa rebolusyonaryong pagbabago para sa pagtatatag ng bagong lipunang demokratiko, tungo sa sosyalismo at komunismo.

Nabuo ang pinagsanib na partido matapos ang talakayan sa pagitan ng delegasyon ng dalawang partido at pininal sa pagpupulong ng itinatatag na Magkasanib na Komiteng Sentral. Binuo at pininal din nito ang limang mahahalagang dokumento—ang Iwagayway ang Bandi-

lang Pula ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, Programa ng Partido, Estratehiya at mga Taktika ng Rebolusyong Indian, Resolusyong Pulitikal kaugnay ng Pandaigdigang at Lokal na Kalagayan at Konstitusyon ng Partido.

Bilang pagkilala ng mahahabang kasaysayan ng dalawang partido, pinagkaisahan nilang ideklara bilang mga pinunong tagapagtatag sina yumaong Kasamang Charu Mazumdar at Kasamang Kanai Chatterjee. Idineklara din nilang tagapagmana ang pinagsanib na partido ng rebolusyong pagsu-

long ng dekada 1960, sa partikular ang dakilang pag-aklas ng Naxalbari, at ang mahabang rebolusyong tradisyong kilusang komunista sa India. Kinikilala nila magkahiwalay mang umiral ang dalawang grupo, magkasabay naman nilang isinulong ang mga komun na pakikibaka ng mamamayan sa nakaraang 35 taon. Pinagsanib din nila ang kanilang mga armadong hukbo—ang People's Guerilla Army ng CPI(ML)[PW] at ang People's Guerilla Liberation Army (PLGA) ng MCCI—tungo sa pinag-isang PLGA.

Katangian at kalagayan ng lipunang Indian sa kasalukuyan

Malakolonyal at malapyudal ang lipunang Indian. Ang katangiang ito ay ibinunga ng mahabang kasaysayan ng dominasyon ng mga imperyalistang kapangyarihan sa bansa at ng kanilang pagbansot sa pag-unlad ng ekonomya at lipunang Indian para sa kanilang kapakinabangan.

Mula nang igawad ng mga kolonyalistang British ang huwad na kalayaan ng India noong 1947, walang iisang imperyalistang kapangyarihang nakakapagdomina sa buong bansa. Gayunpaman, walang patid ang kanilang paghahari sa iba't ibang larangan ng lipunan. Partikular sa ekonomya, nagbuhos ng kapital ang mga imperyalista sa iba't ibang pribado at pampublikong industriya at diniktahan ang mga patakaran sa ekonomya sa pamamagitan ng mga kundisyong nakakabit sa mga pautang at pinansyal na ayuda.

Sa larangan ng militar, nakapanatili at nakapagpalakas din ng kapangyarihan ang mga imperyalista. Nakontrol ng imperyalismong US ang direksyon at mga patakarang militar ng India sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pagpasok ng ayuda, pagtutulak para sa “kooperasyon” at mga pagsasanay-militar, pagpapadala ng mga “tagapayo” para sa iba't ibang sangay ng hukbo at pagbubuo ng mga tratado sa ngalan ng “pambansang depen-

sa.”

Hindi lamang ginagamit ng mga imperyalista ang papet na militar para supilin ang mamamayang Indian, direkta rin nila itong ginagamit sa kanilang mga digmang agresyon at panghihimasok sa mga karatig-bansa. Kabilang dito ang paghahati sa Pakistan at pagbubuo ng Bangladesh, pwersahang pag-agaw sa Sikkim (isang independyenteng kaharian sa hangganan ng India, Nepal at Tibet) at panghihimasok sa mga internal na usapin ng Sri Lanka at Maldives noong dekada 1970 at 1980. Sa tulak ng imperyalismong US, tuluy-tuloy din ang interbensyon, panghahati, panunulsol at pambabraso ng papet na estadong Indian sa Nepal, Pakistan at Sri Lanka.

Hindi tulad ng mga bansa sa Europe at America, hindi umunlad ang lokal na kapitalismo sa pamamagitan ng pagwawasak ng pyudal na kapangyarihan sa India. Sa halip, pinanatili ng mga kolonyalista ang pyudalismo at ginamit ito bilang baseng sosyal ng kanilang paghahari. Ang pag-

pasok ng kanilang kapital nang hindi binabago ang pyudal na kaayusan ay nagresulta sa mala-pyudal na relasyon sa produksyon sa buong bansa.

Sa paglalarawan ng CPI (Maoist), kasalukuyang mayroong apat na mayor na kontradiksyon sa lipunang Indian: 1) sa pagitan ng mamamayan at ng imperyalismo; 2) sa pagitan ng mamamayan at pyudalismo; 3) sa pagitan ng kapital at paggawa; at 4) sa pagitan ng mga naghaharing uri. Sa apat na ito, ang unang dalawa ang batayang mga kontradiksyon sa bansa at siyang pangunahing batayan ng paglalalag ng estratehiya at mga taktika ng bagong demokratikong rebolusyon sa India.

Ang makauring tunggalian sa lipunang Indian ay kinatatangian ng sabwatang uring panginong maylupa at burgesya kumprador na kapwa tuta ng mga imperyalistang kapangyarihan sa isang panig; at sa kabilang panig, ang uring proletaryo, malilit na magsasaka, mala-proletaryo, panggitnang magsasaka, mayayamang magsasaka, petiburgesya, pambansang burgesya at seksyon ng lumpen proletaryo.

Kalunus-lunos ang kalagayan ng masang anakpawis ng India. Sa datos ng gubyernong Indian noong 2007, umaabot sa 77% ng mamamayan ang nabubuhay sa wala pang 20 rupee/araw (o P14.45/araw sa palitang 1 ru-

pee=P0.72). Sa datos ng World Bank noong 2010, sangkatlo ng pinakamahihirap na mamamayan sa buong daigdig ay nasa India. Sa isa pang ulat (*Oxford*), mas marami ang naghihirap sa walong estado ng India (Bihar, Chhattisgarh, Jharkhand, Madhya Pradesh, Orissa, Rajasthan, Uttar Pradesh at West Bengal) kumpara sa 26 na pinakamahihirap na bansa sa Africa.

Mayorya ng mamamayang Indian ay mga magbubukid at tali sa atrasadong pagsasaka. Umaabot sa 60% (o 600 milyon sa ibang pagtaya) sa kanila ay walang sariling lupa. Laganap ang pinakamasasahol na anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala. Dala ng kawalan ng lupa, maramihang nagpapaalipin ang mga magbubukid para lamang mabuhay. Marami sa kanila ang namamatay dala ng matinding gutom.

Dumarami ang mga kaso ng nagpapakamatay dahil sa kahirapan at kawalang kakayahang magbayad ng mga utang. Lamapas 200,000 ang mga magsasakang nagpapakamatay mula 1995 hanggang 2009, ang pinakamataas na tantos ng pagpapakamatay dulot ng kahirapan sa buong mundo.

Mayorya sa nagpapakamatay ay kababaihang magsasaka sa mga prubinsyang nagpoprodyus ng mga *cash crop*, partikular ng Bt cotton (bulak), para sa mga dayuhang kumpanya. Pangunahing bumabagabag sa kanila ang napakataas na presyo ng mga binhi, pestisidyo at iba pang gamit sa produksyon na mabibili lamang mula sa mga multinasyunal na kumpanyang agribisnes. Kasabay nito ang sobra-sobrang pambabarat ng mga komersyante sa kanilang mga produkto at napakatinding usura. Laganap din ang pagsasamantala sa hatiang pabor sa panginoong maylupa at iba't ibang tipo ng brutal

na pamimilit at pang-aapi.

Lalo pang tumindi ang kawalan ng lupa sa harap ng marahas na pangangamkam ng lupa ng estadong Indian sa ngalan ng mga makadayuhang “proyektong pangkaunlaran.” Kabilang dito ang paglalagat ng mga *special economic zone*, plantasyon, dam at iba pang imprastruktura para sa mga dambuhalang kumpanya sa mina at enerhiya. Nangangahulugan ito ng paghahawan at pangwawasak sa libu-libong hektarya ng lupa, ilog at kagubatang tradisyunal na tirahan ng mga tribo o *adivasi*. Direktang apektado rito ang mahigit 150 milyong *adivasi* sa Dandakaranya, Odisha, Bihar, Jharkhand, West Bengal at Andhra Pradesh.

Patuloy ding ipinagtanggol at pinalalaganap ng mga panginoong maylupa ang sistemang *caste*, kasabay ng komunalismong Hindu, superstisyon at iba pang atrasadong kaisipan para panatilihin ang takot at kimi ang mga magbubukid, laluna na ang mga *dalit*.

Sa kapatagan at kalunsuran, matindi rin ang pagsasamantala at kahirapang dinaranas ng proletaryo at iba pang progresibong sektor. Umaabot sa 93% ng mga manggagawang Indian ay nasa “impormal” na sektor at nagtatrabaho nang walang seguridad sa trabaho, hindi tumatanggap ng mga benepisyo at hindi nakapailalim sa mga batas paggawa sa pangkalahatan. Halos 60% sa kanila ay nagtatrabaho sa sektor ng agrikultura, kabilang sa malalaking plantasyon at kapitalistang sakahan kung saan napakababa rin ng sahod.

Mayorya ng mamamayan ay walang tinatamang serbisyong pang-edukasyon at pangkalusugan. Noong 2005, umaabot sa 58% ng mga bahay ang walang kuryente. Walumpung porsyento naman o halos 800 milyong mamamayan ang walang sistema

ng malinis na inuming tubig. Walang signipikanteng pagbabago sa kalagayang ito sa kasalukuyan.

Laganap ang kagutuman at kasalatan. Mahigit kalahati (55%) ng mga batang Indian ang dumaranas ng malnutrisyon at 45% ng mga batang nasa edad lima pababa ay kulang sa timbang.

Kahit ang maliit na panggitnang seksyon ng lipunan na “naaambunan ng pag-unlad” ay dumaranas ng matinding pagsasamantala. Dahil napakataas ng tantos ng disempleyo, nagagawa ng mga lokal at dayuhang kumpanya (kabilang ang ipinagmamalaking sektor ng *information technology*) na baratin ang sahod ng mga nakapag-aral at propesyunal ng India. Mataas ang tantos ng disempleyo ng mga nakapag-aral na kabataan.

Sa kabilang banda, lalupang lumalaki ang mga yaman ng mga naghaharing uri at kanilang mga imperyalistang amo. Halos araw-araw ay may nabubunyag na iskandalo ng korapsyong sangkot ang pinakamatataas na upisyal ng estado at pagkulimbat ng milyun-milyong *rupee*. Walang kahihiyan ang pagpipiging at maluhong konsumo ng mga upisyal ng guberno at pinakamayayamang pamilya sa bansa. Kasabay nito, napakabilis ng akumulasyon ng kapital ng mga burgesya kumprador at kanilang mga kumpanyang kinasosyo ng mga imperyalista. Nitong 2013, mayroon nang 61 bilyunaryo ang India, mula sa 24 noong 2009. Umaabot sa \$341 bilyon ang pinagsama nilang yaman, katumbas ng sangkatlo ng GDP ng bansa.

Sa harap ng lumalakas na rebolusyonaryong paglaban ng mamamayang Indian, pinaiigting ngayon ng reaksyunaryong guberno ang armadong panunupil. Inilunsad ng reaksyunaryong armadong pwersa ang Operation Green Hunt (OGH) noong 2009

sa tulong ng mga ahensya ng US na “eksperto” sa *counter-insurgency*. Ipinatutupad ang OGH gamit ang mga grupong paramilitar tulad ng Salwa Julum at Sendra. Pangunahing binibiktima ng OGH ang mga adivasi. Bahagi ng kanilang mga brutal na taktika ang pagmasaker, *hamletting*, panununog ng

buu-buong komunidad, panggagahasa at iba pang kahindik-hindik na mga krimen. Layunin nitong ilayo sa landas ng rebolusyon ang mga *adivasi* at palayasin sila sa kanilang mga lupain upang magamit ng mga dayuhang malalaking korporasyon.

Ang bagong demokratikong rebolusyon

Ayon sa CPI(Maoist), ang kagyat na layunin at programa nito ay ang pagpapatuloy at paglulubos ng bagong demokratikong rebolusyon sa India bilang bahagi ng pagsusulong ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo. Isasagawa ito sa pamamagitan ng pagwawasak ng malakolonyal at malapyudal na sistema ng lipunang pinaghaharian ng imperyalista, panginoong maylupa at burgesya kapitalistang kumprador. Ilulunsad at malulubos ang rebolusyong ito sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan, alinsunod sa estratehikong linya ng pagkubkob ng kalunsuran mula sa kanayunan.

Idinidikta ng kasaysayan at katangian ng lipunang Indian ang pangangailangan ng paglulunsad ng dalawang-yugtong rebolusyon. Anang CPI (Maoist), layunin ng unang yugto ang pagtransporma sa kasalukuyang malakolonyal at malapyudal na lipunan tungo sa bagong demokratikong lipunan sa pamamagitan ng paglulutas ng batayang mga kontradiksyon ng lipunan.

Ang mga target nito ay ang imperyalismo, kumprador-burukrata kapitalismo at pyudalismo, ang tatlong salot na bumsot sa pag-unlad ng pulitika, ekonomya at kultura ng mamamayan. Sa gayon, ang kagyat na tungkulin ng mga partido komunista ay ang pagwasak sa kapangyarihang pampulitika ng malalaking panginoong maylupa at burgesya kumprador sa pamamagitan ng paglulunsad ng armadong pakikibaka, at ang pagtatayo ng isang demokratikong estadong pamumunuan ng proletaryo.

Magagawa ito ng proletaryo sa pamamagitan ng pag-oorgani-

sa at pamumuno sa rebolusyong agraryo ng malawak na bilang ng mga magbubukid. Hindi mapapalaya ng proletaryong India ang uri nito nang hindi nakikipagkaisa sa uring magbubukid na bumubuo ng mayorya ng populasyon ng bansa. Kung kaya ang pangunahing laman ng bagong demokratikong rebolusyon ay ang rebolusyong agraryo.

Ang tungkulin ng pangalawang yugto ng rebolusyong Indian ay ang pagbubuo ng sosyalistang lipunan. Tutuloy sa pangalawang yugto ang rebolusyon nang walang panibagong yugto sa pagitan nito at tagumpay ng unang yugto.

Sentral na tungkulin ng bagong demokratikong rebolusyon ang agawin ang kapangyarihang pampulitika at ang pagbubuo ng demokratikong gubyernong bayan kung saan pagbubuklurin ang lahat ng mga anti-imperyalista at antipyudal na seksyon ng lipunan sa ilalim ng diktadura ng proletaryado. Titiyakin ng gubyernong bayan ang kalayaan, mga karapatan at demokrasya

ng masanag anakpawis at hihi-mukin ang kanilang partisipasyon sa kolektibo at araw-araw na pamamahala ng estado.

Pauunlarin ng demokratikong gubyernong bayan ang lokal na ekonomya para magsilbi ito sa mamamayan, at ilalatag nito ang basehan para sa pag-usbong ng sosyalistang ekonomya. Isasabansa nito ang lahat ng mga industriya, bangko at iba pang negosyo ng mga imperyalista at burgesya kumprador. Kukumpiskahin nito ang lahat ng mga lupa ng mga panginoong maylupa at ipabubungkal ang mga ito sa mahihirap at walang lupang magbubukid at papawiin ang mga pyudal at malapyudal na porma ng pagsasamantala sa kanayunan.

Sa larangan ng kultura, pauunlarin nito ang syentipiko, demokratiko at makamasang kultura upang palitan ang bulok na malakolonyal at malapyudal na kultura, gayundin laban sa mga ideya ng modernong rebisyunismo. Kabilang na itatakwil ang mga konsepto ng sistemang *caste*, diskriminasyon sa mga minorityang relihiyon, komunalismong Hindu, patriarkismo at iba pang pyudal na kaisipang malalim na nakaugat sa kamalayan ng maraming Indian.

Sa paglalarawan ng CPI (Maoist), ang sumusunod ang prinsipal na mga katangian ng digmang bayan sa India:

1) Ang India ay malawak na malapyudal at malakolonyal na bansang may di pantay na pag-unlad. Mayroon itong kalupaang paborable sa pakikidigmang ge-

rilya.

2) Ang kaaway ng rebolusyong Indian ay malaki at may makapangyarihang sentro, at mayroong malakas at moderong armadong hukbo.

3) Sa kabilang panig, maliit at mahina pa ang partido komunistang, gerilyang bayan at rebolusyong kilusan.

4) Ang India ay kanlungan ng iba't ibang nasyunalidad na naglulunsad ng makasaysayang mga kilusan para sa pagpapasya-sasarili laban sa reaksyunaryong estadong Indian.

Ang katangiang di pantay na pag-unlad ang pinakamapagpasyang salik sa paglalagat ng estratehiya at mga taktika sa pulitika at militar ng digmang bayan. Sa isang banda, umiiral ang makitid na ekonomyang kapitalista na nakasuso sa imperyalistang sistema ng produksyon. Lumikha ito ng uring manggagawa na umaabot sa 70 milyon (nasa 6% ng populasyon). Sa kabilang banda, ang kapitalistang ekonomyang ito ay nakatuntong sa mas masaklaw na malapyudal na baseng ekonomya. Bagamat malaki na rin ang dayuhang kapitalistang pamumuhunan sa agrikultura (sa anyo ng mga plantasyon at mina), hindi nito nabago ang pyudal at malapyudal na relasyon sa produksyon sa malalawak na seksyon sa kanayunan.

Sa gayon, nakasalalay ang tagumpay ng bagong demokraticong rebolusyon sa batayang aliyansa ng mga manggagawa at magbubukid. Dapat palahukin ang daan-daang milyong magbubukid sa armadong pakikibakang pinamumunuan ng Partido Komunista. Ipatutupad ang rebolusyong programa sa repormang agraryo na magpapalaya sa mga relasyon sa produksyon sa kanayunan. Itatayo ang mga organo ng kapangyarihang bayan bilang pampalit sa pyudal na kapangyarihan.

Itinatakdang rin ng di pantay na pag-unlad ng bansa ang pangangailangan para ilunsad ang matagalang digmang bayan alinsunod sa estratehikong linya ng pagkubkob ng kalunsuran mula sa kanayunan. Kailangang isulong ang rebolusyon sa mga estratehikong seksyon ng kanayunan na relatibong atrasado at kung saan matindi ang pang-aapi at pagsasamanatala.

Sa mga lugar na ito, relatibong mahina ang sistema sa transportasyon at komunikasyon, mga bagay na nakapagpapabalag sa kilos at mabilis na pagganti ng mga pwersa ng kaaway. Dito, maaaring magpalakas at magpalawak ang hukbong bayan at mga milisyang bayan. Sapat ang lugar para mabilis silang makapagmanioobra depende sa kundisyon tulad ng presensya at malalaking opensiba ng kaaway o kawalan ng mga ito.

Napakalawak ng kanayunan ng India. Sa maraming bahagi nito, mahina ang kapangyarihang militar ng reaksyunaryong estado dulot ng mahihinang imprastruktura, gayundin ng layo ng maraming komunidad sa mga sentro ng estado at militar. Ang kalagayang ito ay paborable sa pagtatransporma sa malalawak na bahagi ng kanayunan tungo sa mga balwarte ng armadong pakikibaka, sonang gerilya, basenggerilya at mga pinalayang eryang nakapailalim sa Pulang kapangyarihan.

Ang pangangailangang isulong ang digmang bayan mula sa kanayunan kung saan mahina ang kaaway ay bahagi ng pagkilala sa relatibong lakas at kapangyarihan ng makinarya ng reaksyunaryong estado at ng armadong hukbo nito. Ang reaksyunaryong hukbo ng India sa ngayon ay mayroong halos limang milyong tropa na nakapaloob sa apat na malalaking sangay. Noong 2012, naglaan ang

estado ng \$49 bilyong badyet para sa mga operasyon nito. Ito ang pinakamalaking eksporter ng armas sa buong mundo nitong nakaraang mga taon.

Sa harap nito, dapat iwasan ng mga gerilya ang mga mapagpasya at mahahabang pakikipagsagupaan sa mga pwersa ng kaaway. Dapat gumamit ng mga taktikang gerilya para ipreserba ang mga rebolusyong pwersa habang baha-bahaging ginagapi ang kaaway. Dapat ilunsad ang malalim at malawak na pakikidigmang gerilya sa papasaklaw na erya, gamit ang superyor na kaalaman sa tereyn at suporta ng masa.

Sa kabilang banda, batid ng mga rebolusyong pwersa at mamamayan na ang superyoridad ng kaaway ay nasa taktikal na pangkahulugan lamang. Dala ng mahabang kasaysayan ng brutalidad ng mga armadong pwersa ng estado, gayundin ng likas na katangian nitong merse naryo, hindi tinatamasa ng reaksyunaryong armadong hukbo ang suporta at simpatya ng mamamayan. Matitingkad ang mga kontradiksiyon sa hanay ng mga opisyal at karaniwang sundalo nito. Higit sa lahat, dahil marami sa kanila ay mula sa uring magbubukid, maaari silang kabigin sa panig ng bagong demokraticong rebolusyon.

Sa ngayon, nasa mahinang pusisyon pa ang partido komunistang, hukbong gerilya at rebolusyong kilusan sa kanayunan relatibo sa lakas ng makinarya ng reaksyunaryong estado. Dapat pangpuspusang magpalakas ang mga rebolusyong pwersa kasabay ng pagpapagting ng digmang bayan. Dapat pangpalakasin ang People's Liberation Guerrilla Army at lubusin nito ang mga rekisito para sa transpormasyon nito sa People's Liberation Army. Dapat pangilatag ang lihim na mga me-

kanismo ng Partido at palakasin ang mga ito.

Gayunpaman, pansamantala lamang ang relatibong kahinaan ng rebolusyonaryong kilusan. Sa ngayon, dumarami na ang mga salik para sa mabilis na pagpapalakas ng partido at rebolusyonaryong kilusan. Ang relatibong kakulangan ng mga armas ng hukbong bayan ay unti-unti nang napupunan.

Sa nagdaang mga taon ay mabilis na sumusulong ang armadong rebolusyon sa India. Nakapaglulunsad ito ng madalas at malalaking taktikal na opensiba at nakasasamsam ng malalaking bilang ng armas. Naitatatang ang Pulang kapangyarihan sa malawak na kalupaan ng India. Ang mga estado ng Andhra Pradesh, Bihar, Chattisgarh, Jharkhand, Madhya Pradesh, Orissa, Uttar Pradesh at West Bengal ay tinaguriang Red Corridor (Pasilyong Pula) sa burges na masmidya bilang pagkilala sa presensya dito ng CPI (Maoist).



Lubos na makatutulong sa pagpapalakas ng digmang bayan at ng rebolusyonaryong kilusan


sa pangkalahatan ang paglakas ng paglaban ng iba't ibang nasyunalidad na malaon nang nakikipaglaban sa reaksyunaryong estadong Indian. Malaking bahagi ng kanayunang maaaring paunlarin tungo sa mga baseng gerilya ay mga estado ng ibang nasyunalidad at lupaing ninuno ng mga tribo.

Ang India ay bansang mayroong iba't ibang nasyunalidad, lenggwahe at kultura. Ang mga tribong kumakatawan sa mga ito ay dumadaan sa iba't ibang antas ng pag-unlad. Sa ilalim ng reaksyunaryong estado, binabansot at unti-unting winawasak ang iba't ibang minorya sa ngalan ng “pambansang pagkakaisa” at ipinagpapatuloy ang pang-aapi at pagsasamantala sa kanila. Ito ang dahilan kung bakit marami sa mga tribo ang may mahabang kasaysayan ng armadong pag-aklas. Kabilang sa mayroong mga armadong kilusan sa ngayon ang mamamayang Kashmiri, Naga, Assamese, Manipuri at iba pang minoryang matatagpuan sa hilaga-silangang bahagi ng bansa. Dapat

kilalanin ang kanilang karapatan para sa pagpapasya-sa-sarili, kabilang ang kanilang karapatan para sa sesesyon. Higit dito, dapat suportahan ang pag-usbong ng mga partido komunista sa mga estado tulad ng pagkakatatag ng Maoist Communist Party of Manipur.

Dahil sa kanilang mga paglaban, naoobliga ang reaksyunaryong hukbo na batakin ang saringling pwersa para apulain ang kanilang mga kilusan. Sa ngayon, ilampung libong tropa ang nakadeploy sa Kashmir at mga estadong nasa hilaga-silangang bahagi ng India para ipataw at panatilihin ang kontrol ng reaksyunaryong estadong Indian doon. Sa Kashmir pa lamang, umaabot sa 500,000 sundalo, paramilitar, espiya at iba pang pwersa ang itinalaga ng estadong Indian. Habang lumalakas ang mga kilusan para sa pambansang paglaya sa mga lugar na ito, lalaki ang pangangailangan para magdeploy ng paparaming tropa roon. Magiging imposible para sa estadong India na ituon ang buong pwersa nito laban sa digmang bayan. **AE**





ANG

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Bayan

Espesyal na Isyu
Hulyo 19, 2013

www.philippinerevolution.net

Makiisa sa digmang bayan sa India!

Idinideklara ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), kasama ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas ang Hulyo 2013 bilang Buwan ng Pakikiisa ng Pilipinas sa Digmang Bayan sa India. Inilalabas ng PKP ang deklarasyong ito ng pakikiisa kasabay ng panawagan sa mga demokratiko at anti-imperyalistang pwersa para sa isang internasyunal na araw ng pagsuporta sa digmang bayan sa India sa Hulyo 1. Igawad natin ang ating pinakamataas na parangal sa mga bayani at martir ng rebolusyong bayan sa India, ipagdiwang ang kanilang mga tagumpay at tanawin ang ibayong pagsulong sa hinaharap.

Nananawagan ang PKP sa buong kasapian nito, sa lahat ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at sa lahat ng rebolusyonaryong pwersa at mamamayan na nasa pamumuno nito na magdaos ng aktibidad na pang-edukasyon at pangkultura sa buwan ng Hulyo upang ibayong palalimin ang pag-unawa at pakikipagkaisa ng mga rebolusyonaryong pwersang Pilipino sa demokratikong rebolusyong bayan sa India.


Ang mga sangay ng Partido, mga yunit ng BHB, mga bala-ngay ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at mga kagawaran ng rebolusyonaryong guberno ay maglalaan ng isa o ilang araw ng aktibidad sa buwan ng Hulyo para maglunsad ng mga aktibidad tulad ng mga talakayang pang-edukasyon, pagpapalabas ng makabuluhang mga sine, mga pangkulturang pagtatanghal at mga pangmasang propaganda para ipahayag ang pakikiisa at makalikha ng suporta para sa digmang bayan

sa India.

Ang paglulunsad ng Buwan ng Pakikiisa ng Pilipinas sa Digmang Bayan sa India ay pagtumbas ng PKP sa isinagawang

linggo ng pakikiisa na ginawa ng Communist Party of India (Maoist) o CPI-M noong April 22-28 kasabay ng ika-40 anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) noong Abril 24.

Sa kabila ng layo ng distansya at pambansang kakanyahan, ang digmang bayan sa India at Pilipinas ay maraming pagkakahalintulad. Higit sa lahat, ang digmang bayan sa India at Pilipinas ay parehong pinamumunuan ng partido komunis-



Mga tuntunin sa paglilimbag

1. Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

2. Pag-*print* sa istensil:

- a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
- b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
- k) I-click ang **Properties**
- d) I-click ang **Advanced**
- e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
- d) Ituloy ang pag-*print*

3. Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com